

Ang Iyong Mga Karapatan ayon sa Mga Pamantayan sa Trabaho – Mga Itinatalagang Empleyado ng Ahensyang Nagbibigay ng Pansamantalang Tulong

Pagtatatuwa: Binuo ang sangguniang ito upang tulungan ang mga empleyado at employer na maunawaan ang ilan sa pinakamabababang karapatan at obligasyong nakatakda sa ilalim ng Batas ng Mga Pamantayan sa Trabaho (Employment Standards Act, ESA), 2000 at mga regulasyon. Hindi ito legal na payo. Hindi ito ginawa upang palitan ang ESA o ang mga regulasyon at dapat palaging ang opisyal na bersyon ng batas ang gawing sanggunian. Bagama't nagsisikap kaming matiyak na napapanahon at tumpak hangga't maaari ang impormasyong nakasaad sa sangguniang ito, nagkakaroon ng mga pagkakamali paminsan-minsan. Pinakamabababang pamantayan lang ang ibinibigay ng ESA. Maaaring magkaroon ang ilang empleyado ng mas maiinam na karapatan sa ilalim

Nagbibigay ang dokumento ng impormasyon na ito ng buod ng mga karapatan sa ilalim ng [Batas ng Mga Pamantayan sa Trabaho](#) (Employment Standards Act, ESA) para sa mga itinatalagang empleyado ng mga ahensyang nagbibigay ng pansamantalang tulong. Ang ESA ay isang batas na nagtatakda sa pinakamabababang pamantayan sa karamihan ng mga lugar ng trabaho sa Ontario, gaya ng pinakamababang sweldo, mga limitasyon sa mga oras ng trabaho, bayad sa overtime, mga bakasyon, at mga pagliban na protektado ng trabaho para sa mga partikular na dahilan. Maaaring may malapat na mga espesyal na alintuntunin at pagbubukod depende sa uri ng trabaho mo. Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa Ontario.ca/ESAguide.

Mga itinatalagang empleyado ng isang ahensyang nagbibigay ng pansamantalang tulong

Isa kang itinatalagang empleyado ng isang ahensyang nagbibigay ng pansamantalang tulong kung nagkasundo kayo ng ahensya na itatalaga ka nito o susubukan nitong italaga ka para sa

pansamantalang trabaho sa isang kliyenteng negosyo (o mga kliyenteng negosyo) ng ahensya. Mayroon kang ugnayang pantrabaho sa ahensya kahit na hindi ka nakatalaga sa isang kliyenteng negosyo ng ahensya.

Karapatan para sa mga pampublikong pista opisyal at bayad sa pampublikong pista opisyal

May siyam na pampublikong pista opisyal sa Ontario. Kadalasan, kung nakatalaga ka at tumapat ang pampublikong pista opisyal sa isang karaniwang araw ng trabaho mo, mayroon kang karapatang hindi pumasok sa trabaho sa araw ng pampublikong pista opisyal at makatanggap ng bayad sa pampublikong pista opisyal para sa araw na iyon. Ang bayad sa pampublikong pista opisyal ay kadalasang ang kabuuang regular na sinuweldo mo at ang maibibigay na bayad sa bakasyon sa apat na linggo ng trabaho bago ang linggo ng trabaho na may pampublikong pista opisyal, na hinati sa 20. Iba ang proseso ng pagkalkula para sa mga pampublikong pista opisyal sa pagitan ng Enero 1, 2018 at Hunyo 30, 2018.

Kung sumang-ayon ka sa kasulatan, kabilang sa elektronikong paraan, na magtrabaho sa pista opisyal, mayroon kang karapatang matanggap ang bayad sa pampublikong pista opisyal at ang premium na bayad (mas mataas nang isa't kalahating beses man lang sa regular na rate ng sweldo mo), o ang regular na rate ng sweldo mo at ibang araw ng pahinga na may bayad sa pampublikong pista opisyal.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pampublikong pista opisyal, mangyaring sumangguni sa kabanatang “Mga Ahensyang Nagbibigay ng Pansamantalang Tulong” sa *Iyong Gabay sa Batas ng Mga Pamantayan sa Trabaho*, na makikita sa Ontario.ca/ESAguide.

Karapatang makatanggap ng abiso sa pagkakatanggal at bayad sa pagkakatanggal

Kung tatlong buwan o mas matagal ka nang nagtatrabaho para sa isang ahensyang nagbibigay ng pansamantalang tulong, karaniwang mayroon kang karapatang makatanggap ng abiso sa pagkakatanggal kung tatapusin (wawakasan) ng ahensya ang inyong ugnayang pantrabaho. Maaari kang makatanggap ng abiso habang nagtatrabaho ka, bayad sa halip na abiso habang nagtatrabaho, o kumbinasyon ng dalawang ito. Kadalasan, ang pinakamabilisang abiso na dapat mong matanggap ay mula isang linggo (kung tatlong buwan mahigit ka nang nagtatrabaho ngunit wala pang isang taon) hanggang walong linggo (kung walong taon mahigit ka nang nagtatrabaho). Ang karapatan mong makatanggap ng abiso ay nakadepende sa tagal ng pagtatrabaho mo sa ahensya, hindi sa tagal ng pagkakatatalaga sa iyo sa (mga) kliyenteng negosyo ng ahensya.

May ibang mga alituntuning nalalapat sa maramihang pagsisisante kapag 50 o higit pang itinatalagang empleyado ang tinanggal sa trabaho sa loob ng apat na linggo.

Kung limang taon mahigit ka nang empleyado ng isang ahensya, maaari ka ring magkaroon ng karapatang makatanggap ng bayad sa pagkakatanggal kung tatapusin (wawakasan) ng ahensya ang pagtatrabaho mo.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa abiso sa pagkakatanggal, maramihang pagsisisante, at bayad sa pagkakatanggal, mangyaring sumangguni sa kabanatang “Mga Ahensyang Nagbibigay ng Pansamantalang Tulong” sa *Iyong Gabay sa Batas ng Mga Pamantayan sa Trabaho*, na makikita sa [Ontario.ca/ESAguide](https://www.ontario.ca/ESAguide).

Karapatang makatanggap ng abiso sa pagwawakas sa pagkakatalaga

Ang pagwawakas sa pagkakatalaga – na naiiba sa pagkakatanggal sa trabaho – ay nangyayari kapag winakasan ang pagkakatalaga para sa isang kliyente ng isang itinatalagang empleyado, ngunit napapailalim pa rin siya sa ahensyang nagbibigay ng pansamantalang tulong.

Karaniwang kinakailangan ng ahensyang nagbibigay ng pansamantalang tulong na bigyan ang itinatalagang empleyado ng **nakasulat na abiso sa pagwawakas sa pagkakatalaga, bayad sa pagwawakas sa pagkakatalaga, o kumbinasyon ng dalawang ito isang linggo bago ang takdang petsa kung:**

1. nakatalagang gumawa ng trabaho para sa kliyente ang itinatalagang empleyado;
2. ang pagkakatalaga ay may tinatantiyang termino nang tatlong buwan o higit pa sa panahong inalok ito sa empleyado; at
3. nagwakas ang pagkakatalaga bago matapos ang termino nito.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagwawakas sa pagkakatalaga, mangyaring sumangguni sa kabanatang “Mga Ahensyang Nagbibigay ng Pansamantalang Tulong” sa *Iyong Gabay sa Batas ng Mga Pamantayan sa Trabaho*, na makikita sa [Ontario.ca/ESAguide](https://www.ontario.ca/ESAguide).

May mga partikular na bayaring hindi maaaring singilin sa iyo ng isang ahensya

Hindi ka maaaring singilin ng isang ahensya ng anumang halaga para sa pagiging empleyado nito o para sa pagtulong sa iyong maghanap ng trabaho. Hindi ka nito maaaring singilin ng anumang halaga para sa pagbibigay sa iyo ng impormasyon o payo sa kung paano sumulat ng resume o maghanda para sa isang panayam, kahit na ibinigay ang impormasyon o payo bilang tugon sa kahilingan mo.

Kung gusto ng isang kliyenteng negosyo ng ahensya na bigyan ka ng reference sa trabaho o gawin kang empleyado nito

Hindi maaaring pigilan ng ahensya ang isang kliyenteng negosyo na bigyan ka ng reference sa trabaho.

Hindi maaaring pigilan ng ahensya ang mga kliyenteng negosyo nito na kunin ka nang direkta kung gusto itong gawin ng kliyenteng negosyo. Kung itatalaga ka ng ahensya sa isang kliyenteng

negosyo, maaari nitong singilin ang kliyenteng negosyo para sa pagkuha sa iyo, ngunit magagawa lang ito sa ikaanim na buwan simula noong nagsimula kang magtrabaho para sa kliyenteng negosyo.

Kung gusto kang kunin bilang empleyado ng isang kliyenteng negosyo ng ahensya, hindi ka maaaring sabihan ng ahensya na huwag tanggapin ang trabaho. Hindi ka maaaring singilin ng ahensya kung gusto kang kunin ng isang kliyenteng negosyo.

Dapat magbigay ng impormasyon tungkol sa ahensya

Dapat ibigay sa iyo ng ahensya ang legal na pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng ahensya. Ang impormasyong ito ay dapat ibigay sa kasulatan sa lalong madaling panahon pagkatapos mong maging isang itinatalagang empleyado.

Dapat magbigay ng impormasyon tungkol sa mga pagtatalaga

Kapag inalok kang italaga ng ahensya sa isa sa mga kliyenteng negosyo nito, dapat nitong ibigay sa iyo ang legal na pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng kliyenteng negosyo; ang rate ng sweldo at mga benepisyo (kung mayroon man); ang mga oras ng trabaho; ang pangkalahatang paglalarawan sa trabaho; ang tinatantiyang termino ng pagkakatalaga (kung nalalaman); at ang pay period at pay day. Kung ibinigay sa iyo ng ahensya ang impormasyong ito, ngunit wala ito sa kasulatan noong ginawa ang alok, dapat itong ibigay ng ahensya nang nakasulat sa lalong madaling panahon.

Dapat magbigay ng impormasyon tungkol sa ESA

Dapat kang bigyan ng ahensya ng kopya ng dokumento ng impormasyon na ito sa lalong madaling panahon pagkatapos mong maging isang itinatalagang empleyado.

Kung hindi Ingles ang pangunahing wika mo, dapat alamin ng ahensya kung makukuha ang dokumento ng impormasyon sa pangunahing wika mo, at kung mayroon nito, dapat ibigay sa iyo ng ahensya ang Ingles na bersyon at ang nakasaling dokumento. Makakakuha ng mga sanggunian sa maraming wika sa [Ontario.ca/employmentrights](https://www.ontario.ca/employmentrights).

Dapat ka ring bigyan ng ahensya ng kopya ng Poster ng Mga Pamantayan sa Trabaho (Employment Standards Poster) na mula sa Ministry of Labour sa loob ng 30 araw mula sa petsa kung kailan ka naging empleyado.

Kung hihiling ka ng kopya ng poster sa isang wikang hindi Ingles at may inilathalang bersyon ang ministry sa wikang iyon, dapat ibigay ng ahensya ang nakasaling bersyon bukod pa sa Ingles na kopya. Makukuha ang poster sa [Ontario.ca/ESAposter](https://www.ontario.ca/ESAposter).

Hindi ka maaaring maparusahan dahil sa pagtatanong tungkol sa iyong mga karapatan sa ilalim ng ESA o kaya ay paggamit sa mga ito

Kung magtatanong ka tungkol sa iyong mga karapatan sa ilalim ng ESA o kung hihilingin mong ibigay sa iyo ang iyong mga karapatan, hindi ka maaaring parusahan ng ahensya o ng kliyenteng

negosyo sa anumang paraan, kabilang ang pagwawakas sa pagkakatalaga sa iyo. Mayroon ka ring karapatang hindi maparusahan ng iyong ahensya o ng kliyenteng negosyo dahil sa pagtatanong tungkol sa iyong mga karapatan sa ilalim ng ESA o kaya ay paggamit sa mga ito.

Dapat magpanatili ng mga talaan ang ahensya at kliyenteng negosyo

Dapat itala ng ahensya at ng mga kliyenteng negosyo nito ang bilang ng mga oras na tinrabaho mo para sa kanila sa bawat araw at bawat linggo. Dapat ding itala ng (mga) kliyente ang bilang ng oras na tinrabaho para sa kanila ng itinatalagang empleyado sa bawat araw at linggo.

Maaaring parehong managot ang ahensya at kliyente para sa sweldo mo

Kung magtatrabaho ka para sa isang kliyenteng negosyo o mga kliyenteng negosyo at hindi maibigay sa iyo ng ahensya ang isang bahagi ng sweldo mo o ang buong sweldo mo para sa pay period na iyon, maaaring sama-sama o indibidwal na managot ang (mga) kliyenteng negosyo para sa bahagi o lahat ng hindi naibigay na sweldo na iyon. Partikular dito, maaaring papanagutin ang mga kliyenteng negosyo para sa mga hindi naibigay na regular na sweldo, bayad sa overtime, bayad sa pampublikong pista opisyal at premium na bayad sa pampublikong pista opisyal. Kung mahigit isang kliyenteng negosyo ang may pananagutan sa isang pay period, sama-sama at indibidwal na mananagot ang mga kliyenteng negosyo sa ahensya para sa isang bahagi ng kabuuang mga sweldo na dapat bayaran nang naaayon sa mga oras na tinrabaho para sa kliyenteng negosyo na iyon.

Kung mayroon kang tanong o kung gusto mong maghain ng paghahabol

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa ESA, tumawag sa Sentro ng Impormasyon sa Mga Pamantayan sa Trabaho (Employment Standards Information Centre) ng Ministeryo ng Gawa (Ministry of Labour) sa 416-326-7160, sa 1-800-531-5551 para sa toll-free na tawag, o sa 1-866-567-8893 para sa TTY. Makakakuha ng impormasyon sa iba't ibang wika.

Upang maghain ng paghahabol, maaari mong i-access ang Form ng Paghahabol sa Mga Pamantayan sa Trabaho (Employment Standards Claim Form) online sa [Ontario.ca/ESAforms](https://ontario.ca/ESAforms).